Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon VI - Kanlurang Visayas
**SANGAY NG AKLAN**
Kalibo, Aklan

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 086 s. 2018

**SA MGA:** **PINUNONG TAGAMASID PANSANGAY**
**TAGAMASID PANSANGAY/PAMPUROK**
**PUNONGGURO/ULONGURONG NAMUMUNO NG PUROK**
**PUNONGGURO/ULONGURO NG PAMPUBLIKO AT PAMPRIBADONG PAARALANG ELEMENTARYA, SEKUNDARYA AT INTEGREYTED**

**MULA KAY:** **DR. ERNESTO F. SERVILLON, JR., MNSA, CESO VI**
OIC – Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

**PAKSA:** **USWAG-DANGAL SA WIKA: SEMINAR UKOL SA PAGBUBUO NG ORTOGRAPIYANG AKEANON AT MASINOP NA PAGSULAT**

**PETSA:** Marso 1, 2018

1. Kalakip nito ay ang sulat paanyaya mula kay Prop. RJ A. Ampoyos, Direktor, Sentro ng Wika at Kultura sa Aklan State University ukol sa gaganaping USWAG-DANGAL, isang Seminar ukol sa Pagbubuo ng Ortograpiyang Akeanon at Masinop na Pagsulat na gaganapin sa Marso 6-8, 2018.

2. Iminumungkahing padaluhin sa seminar na ito ang mga sumusunod:
   1 Pansangay na Tagamasid sa Filipino
   1 Pansangay na Tagapag-ugnay sa Mother Tounge
   6 bawat Distrito (3 Pandistritong Tagapag-ugnay sa Filipino (Elementarya, Sekundarya—JHS, at Sekundarya—SHS); 1 Pandistritong Tagapag-ugnay sa Mother Tounge; 1 Pandistritong Tagapag-ugnay sa Pagbasa (Reading); at 1 Tagapangasiwa ng Pahayagang Pampaaralan sa Filipino.

3. Ang rehistrasyon, mga pamasahe at iba pang gastusin ng bawat dadalo ay kukunin mula sa MOOE, pondo ng Pahayagang Pampaaralan, lokal na pondo ng kani-kanilang mga paaralan na mapapasailalim sa tamang regulasyon at alituntuning gumagabay sa akawnting at odit.

4. Hinihiling ang dagliang pagpapahatid ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon VI - Kanlurang Visayas
**SANGAY NG AKLAN**
Kalibo, Aklan

## TALAAN NG MGA KALAHOK

**Distrito:** ______________________

| Blng. | Kalahok | Pangalan | Paaralan |
|---|---|---|---|
| 3 | Pandistrito na Tagapag-ugnay sa Filipino | | |
| | • Elementarya | | |
| | • Sekundarya-JHS | | |
| | • Sekundarya-SHS | | |
| 1 | Pandistritong Tagapag-ugnay sa Mother Tounge | | |
| 1 | Pandistritong Tagapag-Ugnay sa Pagbasa (Reading) | | |
| 1 | Tangapangasiwa ng Pahayagang Pampaaralan sa Filipino | | |

Inihanda at isinumite ni:

______________________
PSDS/PID/HTID

Paki-email po ito sa tropa.marth20@yahoo.com o tumawag sa numero: 09988618485

Republika ng Filipinas
AKLAN STATE UNIVERSITY
**COLLEGE OF FISHERIES AND MARINE SCIENCES**
New Washington, Aklan
E-mail: cfms@asu.edu.ph
Tel.Fax No. +63-36-2643980

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
Division of ...
RECEIVED
Date: 07 FEB 2018
Time: 1:37 p.m
Signature:

**SENTRO NG WIKA AT KULTURA**
**at**
**KOMISYON SA WIKANG FILIPINO**

Pebrero 6, 2018

**DR. ERNESTO F. SERVILLON, JR.**
MNSA - Schools Division Superintendent
Kagawaran ng Edukasyon
Probinsya ng Aklan

Mahal na **Superindenteng Servillon**:

***Pagbati!***

Malugod po namin kayong iniimbitahan at ang lahat ng iyong mga Tagapag-ugnay sa Mother Tongue Education, mga guro sa Filipino at mga mananaliksik sa gaganaping **USWAG-DANGAL sa WIKA,** isang Seminar ukol sa Pagbuo ng Ortograpiyang Akeanon at Masinop na Pagsulat na pangungunahan ng **Sentro ng Wika at Kultura sa Aklan State University** sa pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan ng **Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), Aklan Literary Council (AKLIT), Provincial Government Unit at Aklan Council for Culture and the Arts (ACCA).**

Ang nabanggit na Seminar ay magaganap sa **Marso 6 – 8, 2018** mula 8;00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Aasahan po ang **100 bilang ng mga kalahok** sa nabanggit na seminar na dadaluhan hindi lamang ng mga kaguruan natin sa DepEd ngunit gayundin po ang lahat ng mga kaguruan sa Tersyarya at Sekundarya sa pribadong institusyon at maging ang mga LGU sa probinsya, mga mag-aaral sa Filipino, mga mananaliksik at yaong mga tagapagtaguyod ng wika.

Isa sa magiging Panauhing Tagapagsalita ay ang mismong Tagapangulo ng KWF na si Alagad ng Sining Virgilio S. Almario gayundin ang ilan pa sa mga kawani ng nasabing Tanggapan.

Ang kabuuang bayarin para sa rehistrasyon sa 3 araw na seminar ay may halagang **Php. 1, 000. 00** na kinapapalooban ng mga sumusunod: ***tanghalian, meryenda, aklat sa Masinop na Pagsulat, kit, sertipiko at ID. (hindi kasama ang akomodasyon)***

Para po sa maagang pagpapatala ng ating mga mahal na guro ay kalakip po ng liham na ito ang pormularyo ng pagpapatala.

Sa ilang mga katanungan o paglilinaw kaugnay po sa Seminar na ito ay maaari po kayong makipag-ugnayan sa aming tanggapan sa numerong **264 – 3567/ 264-3569** o sa cellphone sa numerong **09095573227/09156692096** o sa Email add: **mearaj1987@gmail.com** at makipag-ugnay po lamang sa inyong lingkod.

Inaasahan ko po ang inyong lubos na pagsuporta sa gawaing ito. Maraming salamat po.

Lubos na gumagalang,

**PROP. RJ A. AMPOYOS**
Direktor, Sentro ng Wika
at Kultura sa ASU

Binigyang-pansin:

**DANILO E. ABAYON, Ph.D.**
Pangulo ng ASU